## SO WHAT

- Ayon sa Genesis 2:18, bakit nilikha ng Diyos ang babae?
- Basahin ang Efeso 5:22-33. Papaano dapat ituring ng asawang lalaki ang asawa niyang babae? Ano ang iniutos ng Apostol Pablo sa mga asawang babae?
- Ano ang iniuutos sa Hebreo 13:4? Ano ang nagiging tugon ng Diyos kapag sinuway ang utos na ito?

## NOW WHAT

- Sa mga kaibigan mong mag-asawa, sino ang pupwede mong imbitahin sa simbahan ngayong linggo o sa *Victory group*?
- Papaano mo mahihikayat ang mga kaibigan mong wala pang mga asawa na maging handa kapag tinawag sila ng Diyos sa pag-aasawa?
- Anong mga prinsipiyo sa biblikal na pag-aasawa ang magagamit mo sa iyong mga ugnayan? Papaano mo nabibigyang luwalhati ang Diyos sa iyong mga relasyon?

# PRAYER

- Hilingin sa Diyos na bigyan ang mga tao sa inyong *Victory group* ng mas malalim na pang-unawa sa Kanyang disenyo para sa pag-aasawa.
- Manalangin na ang mga kabataan sa simbahan ay magkaroon ng pananaw ng isang pag-aasawang nakakapagbigay-luwalhati sa Diyos.
- Magdasal na palakasin ng Diyos ang samahan ng mga mag-asawa sa ating simbahan.

VICTORY

Karapatang Pag-aari © 2013
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

**WEEK 3** **FILIPINO**

# . . . Pakasalan mo Ako?




## NOTES

# CONNECT

- Aling sining ng pagyari sa kamay ang sa tingin mo'y kaya mong gawin? Bakit mo naiisip ito?
- Saan mo naiuugnay ang salitang "pagpipisan?" Ipaliwanag.
- Aling bagay ang tinuturing mong matibay? Magbigay ng halimbawa.

## WORD

*[6]"Ngunit sa simula pa, nang likhain ng Diyos ang mundo, 'ginawa niya ang tao na lalaki at babae.' [7]'Dahil dito, iiwan ng lalaki ang kanyang ama at ina, at magsasama silang dalawa. [8]At silang dalawa ay magiging isa.' Kung ganoon, hindi na sila dalawa kundi isa na lang. [9]Kaya hindi dapat paghiwalayin ng tao ang pinagsama ng Diyos."* MARCOS 10:6-9

## WHAT

Sinasabi sa Bibliya na lahat ng mabubuting bagay ay galing sa Diyos (Santiago 1:17); isa na dito ang kasal o pag-aasawa. Ang sinimulan ng Diyos na pag-iisa na ito ay isang tipang pang-ugnayan sa pagitan ng isang lalaki at isang babae. Heto ang tatlong mga puntos upang lalo nating maintindihan kung ano ang pag-aasawa at ang layunin ng Diyos para rito.

### 1 Dinisenyo ng Diyos ang pag-aasawa.

*"Ngunit sa simula pa, nang likhain ng Diyos ang mundo, 'ginawa niya ang tao na lalaki at babae.'"* MARCOS 10:6

Ang isang produktong maganda ang pagkakagawa ay may gamit, *aesthetics*, layunin, at buhay. Dinisenyo ng Dakilang Inhinyero ang pag-aasawa nang may kaparehong layunin. Ang anumang lumabas sa disenyong ito ay tinuturing na hindi tamang paggamit. Upang magamit ng husto at ng tama ang isang bagay, saan tayo dapat pumunta? Bakit ang opinyon ng Diyos tungkol sa pag-aasawa ang pinakamahalaga?

### 2 Ang pag-aasawa ay pagsasama sa pagitan ng lalaki at babae.

*[6]"Ngunit sa simula pa, nang likhain ng Diyos ang mundo, 'ginawa niya ang tao na lalaki at babae.' [7]'Dahil dito, iiwan ng lalaki ang kanyang ama at ina, at magsasama silang dalawa. [8]At silang dalawa ay magiging isa.' Kung ganoon, hindi na sila dalawa kundi isa na lang.* MARCOS 10:6-8

Ang nagpapaganda sa pag-aasawa ay ang pagsasama ng dalawang nagpupunuang bahagi: isang lalaki at isang babae. Sa katunayan, ang pagkakaiba ng asawang lalaki at asawang babae ang tumutulong sa pagpupuno nila sa isa't isa. Ang magkakaibang katangian ang nakakadagdag sa tibay ng pagsasama kapag naintindihan itong mabuti. Ano ang sinasabi ng Efeso 5:22-33 tungkol dito?

### 3 Ang pag-aasawa ay iniukol ng Diyos na maging panghabang-buhay.

*"Kaya hindi dapat paghiwalayin ng tao ang pinagsama ng Diyos."* MARCOS 10:9

Kapag sinimulan ng Diyos ang isang pagsasama, ang bawat kasali rito ay dapat magsikap upang mapanatili itong buo. Tunay ngang ito ay isang tipan at hindi isang kontrata. Ang kontrata ay may hangganan at ang isang tipan naman ay panghabang-buhay. Maliban pa rito, ang mga kasama sa isang kontrata ay hinahangad ang kabutihan nila. Sa isang tipan, ang bawat kasama ay nagbibigay, at kung maaari ay nagsasakripisyo upang panatilihing buhay ang kanilang ugnayan. Anu-anong mga praktikal na bagay ang magagawa ng isang mag-asawa upang mapanatili ang pagkakaisa sa kanilang ugnayan?